


Alam ba ninyo ang batas trapiko ukol sa bisikleta?

Maari kang multahan kapag lumabag sa batas trapiko ng bisikleta



Ang bisikleta ay isa sa mga popular na ginagamit sa transportasyon. Nais naming ipabatid sa isyung ito na ang paglabag sa batas trapiko ng bisikleta ay hindi naiiba o kagaya din sa paglabag sa batas trapiko ng karaniwang sasakyan.

Limang panuntunan sa paggamit ng bisikleta

- 1, Pangkaraniwan, sinumang nakasakay sa bisikleta ay sa daan tatakbo. (Bawal magbisikleta sa sidewalk.)
- 2, Ang nagbibisikleta ay kailangang lagi sa kaliwa ng daan.
- 3, Ang mga naglalakad ang may prayoridad sa sidewalks, kaya dapat maging maingat sa pagdaan sa mga sidewalks.
- 4, Sundin ang mga panuntunan sa seguridad. (Para sa karagdagang impormasyon, pag-aralan ang "Q & A" sa ilalim.)
- 5, Kailangang nakasuot ng helmet ang batang nagbibisikleta.

Sundin ang mga batas para makaiwas sa sakuna

Q, Minsan may nakikita akong lasing na nagbibisikleta. Bawal ba ito gaya ng sa **pagmamaneho ng lasing**?

A, Oo, delikado at lumalabag sa batas. Lasing na pagbibisikleta ay maaaring hanggang 5 taong pagkabilanggo o pagmumulta hanggang JPY one million.

Q, Nakakakita ka ng 2 taong nakasakay sa bisikleta sa sidewalks. Bawal ba ito?

A, Oo. Subalit kung ang gamit ay isang uri ng bisikleta na maaaring magsakay ng isa o dalawang bata, ito ay pinapayagan.

Q, Dalawa o tatlong **bisikletang tabi-tabi tumatakbo** sa school road. Maaari ba ito?

A, Ang drayber ng light vehicle ay bawal tumakbo sa tabi ng isa pang sasakyan. Ang bisikleta ay isang light vehicle, kaya ito ay bawal. Subalit, pagbibisikleta ng dalawang magkatabi ay pinapayagan sa mga daan na may tanda gaya ng nasa kanang larawan.

Q, **Bisikletang walang ilaw** sa gabi muntik ng makabangga ng isang **nagbibisikleta na wala ding ilaw**. Maaari ba ito?

A, Hindi. Ito ay bawal. Kailangang gumamit ng ilaw sa gabi.

Q, Nakita ko ang nagbibisikleta na muntik ng makasagasa ng tumatawid habang berde ang ilaw trapiko at tumawid ng daan habang pula ang ilaw. Gaya ng ibang drayber, ang nagbibisikleta na hindi pansin ang pulang ilaw trapiko ay mali di ba?

A, Oo, ang hindi pagpansin sa pulang ilaw ay labag sa batas.

Q, Nabangga ang naglalakad ng nagbibisikleta na gumagamit ng **cell phone**. Paggamit ng cell phone o payong habang sakay sa bisikleta ay bawal?

A, **Oo, bawal ang paggamit ng cell phone o payong habang nagbibisikleta.**

Q, Muntik na akong mabangga ng nagbibisikleta habang naglalakad sa sidewalk. Maaari ba ang nagbibisikleta sa **sidewalk**?

A, Ang nagbibisikleta ay pinapayagan sa sidewalk sa mga kaso gaya nito.

- ① Kapag may tanda na nagpapahintulot sa nagbibisikleta na maaaring gumamit ng sidewalk

Mga traffic signs para sa bisikleta



Bawal ang bisikleta



Pwede ang sabayang pagbibisikleta



Para sa Bisikleta at Naglalakad



Daan para sa Bisikleta



Tawiran ng bisikleta

www.ficec.jp/foreign/

●I-check ang bagong adress ng upisina ng FICEC sa huling pahina ng newsletter.

②Kung ang nagbibisikleta ay bata, matanda na 70 taong gulang o pataas o kaya may pisikal na kapansanan na nahihirapan magbisikleta sa daan.

③Kung ang nagbibisikleta ay pinayuhan na sa sidewalk magbisikleta dahil ang daan ay kasalukuyang ginagawa.



Tawiran ng bisikleta at naglalakad

Q ,Sa daan, muntik ng mabangga ng nagbibisikleta ang isa pang nagbibisikleta. Kailangan bang ang nagbibisikleta ay sa kaliwang panig dahil ang bisikleta ay isang light vehicle?

A,Oo, kailangan. Ang nagbibisikleta ay dapat sa kaliwang panig at sa pinaka-kaliwang bahagi lagi ng daan.
(Namamahala: Higashi-Iruma police station)

Sumali tayo sa “pagkakawanggawa sa ating komunidad” kasama ang mga banyagang residente at mga Hapones

**Halina at sumali tayo!!
Makisaya tayo sa
International Exchange!
9/30 (Fri) 18:00**

May bagong proyekto na ibinahagi sa apat na ebento.
Unang ebento ay “Halina’t pulutin ang basura sa harap ng Kamifukuoka Station.”
Ss mga gustong makilahok dito, at para sa detalye tumawag lamang sa Tel. 256-4290

Ang aking mungkahi para sa pag-aaral ng Nihonggo ni Chikazawa Eruza (taga Brazil)

Ang aking mga magulang ay dayo sa Brazil. Sa Brazil, nagsasalita sila sa Nihonggo, ako sa Portuguese. Noong anim na taong gulang ako, nag-aral ako sa isang Japanese-language school at natuto ng Hiragana at Katakana. Noong 1991, nagpunta ako dito sa Japan at nagtrabaho sa pagawaan ng bento. Sa simula, marunong lang ako ng konting salitang Nihonggo kagaya ng pagbabati. Para masanay at mahasa sa Nihonggo, nagpupunta ako sa isang pagtitipon kung saan sila ay nagkakaroon ng diskusyon at nagpapalitan ng mga kuro kuro. Pinipilit kong intindihin ang daloy ng kanilang pag-uusap. Sa ganoong paraan ay marami akong natutuhan sa pakikinig sa kanila.

Ngayon, nag-aaral ako ng Kanji sa Japanese Class sa FICEC at nakakatulong ang pagiging marunong sa pagsasalita ng Nihonggo para sa madaling pag-aaral ng Kanji. Kung kaya’t sa palagay ko, ①ang pakikisalamuha sa mga residente at ②ang kagustuhang matutunan at mapag-aralan ang isang bagay ay malaking tulong para mapalago ang aking kaalaman sa Nihonggo.

Mensahe galing sa isang artist na syang gumagawa ng cover-page illustration ng “Information Fujimino”.

Magandang hapon. Ang inyong lingkod ang namamahala sa paggawa ng illustration ng Information Fujimino mula noong Hunyo. Sa isyu ng Hunyo, ang cover illustration ay palaka, at magaspang na oilpaper drawing ng payong. Gusto kong maipakita sa inyo ang istilo o arte ng kulturang Hapon. Kaya ang ginagamit kong pangalan ng mga buwan ay base sa lunar calendar ng Hapon, gaya ng “Minazuki” para sa Hunyo at “Hazuki” para sa Agosto. Isa rin akong volunteer sa pagtuturo ng Nihonggo tuwing Huwebes dito sa FICEC. Gayundin, gumagawa din ako ng illustrations para sa buwanang tema ng mga libro para sa mga bata at teenagers sa Oi Library. Makakatulong sa akin kung kayo ay magbibigay ng komento o suhestyon para sa mga nasabing illustrations.
Yukiko Hayashi

Libreng konsultasyon na may taga-salin sa city halls

- Maaring magkonsulta sa sariling wika at may mamagitan tagasalin sa pama magitan ng cell phone sa mga city hall.
- Sinimulan ito sa itinakdang sistema ng pagsasalin gamit ang cell phone sa mga bayan ng Higashimatsuyama, Warabi, Misato city, Namegawa at 10 wards sa Saitama city. Ang lahat ay maaaring gumamit ng serbisyo.
- Mga lenguahe / Intsik, Ingles, Tagalog, Portuguese, Espanyol
- Libre po ang serbisyong ito.

www.ficec.jp/living/

Tingnan din ang Info booklet “para sa mapayapang pamumuhay sa Japan sa 6 na lengguahe.”